# Pahayag ng Mga Simbahan

Ang Karahasan sa Tahanan at Pamilya (Domestic and Family Violence, DFV) ay isang nakalulungkot na katotohanan sa ating lipunan.

Isa itong problema na kailangang mabuksan ng hayagan at mahanapan ng solusyon dahil nakapipinsala at nakamamatay ng mga tao ang Karahasan sa mga Tahanan. Kung tatahimik lang tayo, patuloy na magdurusa ang mga biktima ng karahasan.

Bilang bahagi ng komunidad, tinatanggap ng mga Simbahang Kristiyano ang pananagutan sa kanilang kabiguan na kumilos nang mas tiyak sa usaping ito. Tinatanggap namin na maraming biktima ang nararamdaman na hindi sila nadirinig o natutulungan ng mga ministro at mga miyembro ng mga simbahan. Kinikilala namin na ang karahasan sa tahanan ay nangyayari din sa mga Kristiyano at mga komunidad ng mga Kristiyano.

Dahil sa naka-aantig na pag-ibig ng Diyos na ipinakita sa lahat ng tao kay Jesukristo, tinatanggap ng mga Kristiyano ang tawag ni Kristo na maging mga ahente ng pagmamahal, at pagbuti ng kalagayan, kapayapaan, at hustisya sa mundo. Kaya naman ipinangangako namin na gagawin namin sa abot ng aming makakaya na mahadlangan o maiwasan ang karahasan sa tahanan at makapagbigay ng tulong at pagpapayo hindi lamang sa mga biktima kundi sa mga gumagawa ng karahasan.

Mga Simbahan: Roman Catholic, Anglican, Lutheran, Uniting, Baptist, Churches of Christ, Salvation
Army, Religious Society of Friends, Queensland Congregational Fellowship.

Queensland Churches Together

# Paano ka makatutulong?

**Kilalanin** na nangyayari DFV sa lahat ng komunidad. Tumaas ang kalubhaan at dami ng mga ito noong panahon ng COVID19.

**Tumugon nang naaangkop** sa pamamagitan ng pagsasabing "Naniniwala ako sa iyo." Maraming biktima ang nakadarama na walang maniniwala sa kanila, walang interesado o may kakayanang tumulong sa kanila. Palaging isaisip ang kanilang kaligtasan at ng iyong sarili.

**I-ugnay** ang biktima sa mga lokal at/o pambansang mga serbisyo para sa DFV. Kung nasa agarang panganib ang biktima, tumawag sa pulisya at samahan ang biktima habang sila ay nakikipagpanayam sa pulisya.

**Itala at hikayatin ang biktima na ipunin ang mga ebidensiya,** (pasulat, electroniko o mga litrato (halimbawa: mga pasa sa katawan o pinsala sa ari-arian). Kung nag-iingat ka ng mga rekord, tiyaking mayroon kang pahintulot ng biktima at kunsultahin ang
biktima tungkol sa kung paano ginagamit ang mga rekord.

## Mga Serbisyong Lokal at Pambansa Para sa DFV:

| | |
|---|---|
| DV Connect | 1800 811 811 |
| Kid's Helpline | 1800 55 1800 |
| 1800RESPECT | 1800 737 732 |
| Anglicare | 1300 610 610 |
| Centacare | 1300 236 822 |
| Lifeline | 13 11 14 |
| Men's Line | 1300 78 99 78 |
| NO TO VIOLENCE Men's Referral Line | 1 300 766 491 |

Naninindigan ang gobyerno ng Queensland na gawing krimen ang pamimilit, at nangangako na magkakaroon ng mga batas kaugnay nito sa 2023.

Unang nalathala ang babasahin na ito noong Setyembre 2021 at na-update noong Setyembre 2022. Kahit na kinokonsiderang totoo at tama ang mga materyal noong petsa ng pagkalathala, maaaring magbago ang katumpakan ng materyal bunsod ng mga pagbabago sa sitwasyon pagkatapos ng petsa ng pagkalathala. Maaaring magbago ang materyal nang walang abiso at walang anumang pananagutan ang QCT at JCDVPP sa katumpakan ng impormasyon na nalathala at naitabi ng gumagamit nito.

Queensland Churches Together

# Karahasan sa Tahanan at Pamilya

(Tagalog)



JOINT CHURCHES Domestic Violence Prevention Project, Queensland

Kinomisyon ng Magkakasamang Mga Simbahan sa Queensland ang Proyekto ng Magkakasanib na Simbahan sa Paghadlang sa Karahasan sa Tahanan.

# Ano ang Karahasan sa Tahanan

Nangyayari ang Karahasan sa Tahanan at Pamilya (DFV) kapag ang isang taong may matalik o ugnayang personal, kapamilya, o walang bayad na tagapag-alaga ay gumagamit ng mapamilit na paraan (pag-uugali para magkaroon ng kapangyarihan at kontrol) para maabuso ang ibang tao. Ang DFV at iba't-iba gawaing tulad nito ay nakapipinsala sa mga malapit na karelasyon at/o mga miyembro ng pamilya. Ilang halimbawa ng pang-aabuso ay ang mga sumusunod:

**Emosyonal o sikolohikal** – Mga kilos o komentong nakakapagpahina ng pakiramdam ng isang tao sa sariling kakayahan, na nakakapagpababa ng tiwala sa kanilang sarili, at nagbibigay ng pakiramdam na wala silang halaga. Ito ay kadalasang humahantong sa mga problema at sakit sa kalusugan ng pag-iisip.

**PINANSIYAL** – Kabilang dito ang hindi pagbibigay, maling paggamit ng, o kawalan ng karapatan sa pananalapi para sa mga pangangailangan ng pamilya o sarili.

**VISA** – Ang mga taong may Temporary Visa Status ay maari ding humantong sa pang-aabuso dahil nasa mahina silang posisyon at sa kakaunti o kawalan ng access sa mga suportang pag-komunidad na mga Mamamayan ng Australia at permanenting residente ng Australia lang ini-aalok.

**PISIKAL** – Kabilang dito ang mga nakikita at hindi nakikitang mga pinsala na maaaring banayad o lihim tulad ng kawalan o kakulangan ng tulog o pagkain, pagtatangkang pananakal, at pagtatangkang pagpigil sa paghinga ng tao.

**ESPIRITUWAL** – Pagtanggi na payagan ang karelasyon na makilahok sa kanilang relihiyon; pagdungis ng mga imahen o larawang kaugnay ng relihiyon, pag-gamit ng bibliya upang bigyang katwiran ang pag-kontrol at marahas napag-uugali.

- Ang DFV ay higit pa sa mga salungatan sa relasyon o mga pagtatalo ng pamilya. Ito ay nagsasangkot ng takot, pananakot, kontrol, pakiramdam na may karapatang makalamang at manakit – nakakaranas ang isa o higit pang mga tao ng takot o kaya'y nagdurusa ng pisikal o emosyonal na pinsala.
- Ang DFV ay kadalasang paulit-ulit na nangyayari. Pakiramdam ng biktima na kailangan niyang sobrang mag-ingat sa ginagawa o sinasabi niya. Ang karahasan at pang-aabuso ay kadalasang nagiging mas madalas at malala. Kung minsan ay humahantong sa permanenteng pinsala at kamatayan.
- Sa mga mapang-abuso at marahas na tahanan, ang mga bata ang nagdurusa, direkta o kahit hindi direkta nilang nakikita ang pang-aabuso. Madalas silang nagpapakita ng mga kontra-sosyal na pag-uugali, mahinang pagpasok sa paaralan at mahinang pagganap sa akademiko.

**"Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at ng kasaganaan nito" Juan 10:10**

# Nangyayari ba ang DFV sa Mga Pamilyang Kristiyano?

Oo nangyayari ito. Noong 2021, ang Simbahang Anglikano ay nag-atas ng pananaliksik upang suriin ang mga karahasan ng Matalik na Karelasyon (IPV) sa loob ng mga komunidad ng Simbahang Anglikano

- Natuklasan nito na ang paglaganap ng karahasan sa matalik na karelasyon sa mga Anglican ay pareho o mas mataas kaysa sa mas malawak na komunidad ng Australia.
- Ang Simbahang Anglikano ay nagpahayag na kinikilala nito at ikinalulungkot ang karahasan na dinanas ng ilan sa mga miyembro nito at nagsisisi sa bahaging ginampanan nito sa pagpapahintulot sa isang kapaligiran kung saan ang karahasan ay hindi natugunan.
- Kinikilala ng Simbahan na ang kasalanan at hindi pagkakapantay ng kasarian ang kaibuturan ng karahasan sa tahanan at pamilya. Ang marahas na pag-uugali ay lumalaki mula sa saloobin at iba pang ugaling pang-aabuso ng tao sa kapangyarihan at paggawa ng paraan upang makontrol ang iba.
- Ipinapahayag ng Simbahang Anglikano na paninindigan nilang tumulong sa ilang bilang ng mga antas upang maiwasan at matugunan ang karahasan sa pamamagitan ng pagbibigay solusyon sa mga dahilan sa simbahan at sa pagnanais na mahadlangan ang karahasan bago pa ito mangyari sa pamamagitan ng pagbabago ng mga saloobin, pag-uugali, at kultura at pagbuo ng kaalaman at kasanayan (skills).

Ang ibang mga simbahan ay kinikilala na ang DFV ay bahagi ng kanilang mga komunidad at gumawa sila ng mga hakbang upang matugunan iyon. Sinasanay ang mga Kaparian para magkaroon ng kaalaman sa DFV.

**"Kapag nagdurusa ang isang bahagi ng katawan, nagdurusa ang lahat ng iba pang bahagi; kapag pinuri ang isang bahagi, nasisiyahan ang lahat na iba pangbahagi." 1 Cor. 12:26**

# Ang Sagot Pang-Kristiyano Sa DFV

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay salungat sa tunay na pag-ibig at katarungan at kailanman ay hindi kalooban ng Diyos. Hindi dapat gamitin ang banal na kasulatan upang bigyang-katwiran ang pang-aabuso.

Ang mga ebanghelyo ay nagsasabi sa atin na si Hesus ay nag-uudyok na ibigin natin ang isa't isa (Juan 13:34) at si Kristo ay dumating upang palayain ang mga inaapi. (Lucas 4:18)

May mga pastoral na responsibilidad ang ating mga simbahan at komunidad ng pananampalataya para sa mga biktima, mga nakaligtas at mga gumagawa ng pang-aabuso at/o karahasan. Naniniwala kami na ang lahat ng tao ay may pangunahing karapatan sa kaligtasan.

Naniniwala rin kami na ang lahat ng tao ay may likas na halaga: para sa kanilang sarili at para sa mga katangian at handog na kailangang ialay. Ang tugon ng mga kristiyano sa DFV ay hindi puwedeng basta balewalain. Ito ay nagsasangkot ng pag-iisip at paggawa sa pamamagitan ng ating paniniwala tungkol sa:

**Kasal** – Paano natin matutulungan ang mga tao na mapagtanto na ang sagradong mga panata ng kasal ay sinira ng DFV at ito ay isang krimen?

**Pagpapatawad –** Paano magkakaroon ng kapatawaran ang mga nagkasala ng DFV kung walang tunay na pagsisisi hindi lamang sa salita kundi pati na rin at pag-uugali at mga saloobin?

Paano natin matutulungan ang mga biktima, at mga nakaligtas, na patawarin ang gumawa sa kanila ng karahasan at patawarin din ang kanilang sarili?

**Awtoridad:** Paano tayo mas magiging katulad ni Kristo? Paano natin mabibigyang kapangyarihan ang mga biktima ng DFV na magsalita?

**Pagiging magulang:** Paano natin matitiyak na ang mga bata ay nakikita, naririnig, minamahal at iginagalang para sa kanilang sarili? Paano natin mapipigilan ang pagpasa ng mapang-abusong pag-uugali sa susunod na henerasyon?

**Responsibilidad:** Paano natin matutulungan ang mga umaabuso sa kanilang kapangyarihan sa karelasyon na matutunang kilalanin na mali ang kanilang ginagawa at managot sa kanilang mga pag-uugali at kilos?

**"Halina kayong mga napapagod at mabigat ang pinapasan;Bibigyan ko kayo ng pahinga." Mateo 11:28**